
4. Pagpapadala o pag-uupload sa biktima ng kahit anong uri ng mga media tulad ng larawan, video at voice mail na may sekswal na nilalaman.

## Ano ang mga Tinuturing na **Pampublikong Lugar ng Safe Spaces Act?**

Lugar na may malayang access o may permiso na makakapasok ang publiko, hindi mahalaga kung sino ang nagmamay-ari.

1. Street and Alleys
2. Roads, Sidewalks
3. Public Parks
4. Schools, Buildings
5. Churches
6. Public Washrooms
7. Malls
8. Bars and Restaurants
9. Internet Shop
10. Transportation Terminal
11. Public Markets
12. Spaces used as Evacuation Center
13. Government Offices
14. Public Utility Vehicles (PUV) (Kasama ang mga Private Vehicles na sakop ng App-Bases Transport Network Services
15. At iba pang Recreational Spaces tulad ng Cineman Halls, Theaters and Spas.




**Ano ang pagkakaiba ng RA 7877 (Anti-Sexual Harassment Act at ng RA 1131 (Safe Spaces Act o Bawal Bastos Law)?**

Ang **Anti-Sexual Harassment Act** ay naglilinaw na ang sexual harassment ay nagaganap sa loob ng trabaho, paaralan, at sa pook ng pagsasanay kung saan ang mga tao ay may awtoridad at impluwensya ang nakagagawa ng mga akto ng sexual harassment sa kanilang empleyado, estudyante at trainee. Hindi kasama sa batas na ito ang mga insidente na nangyayari sa pampublikong lugar at online spaces.

Ang **Safe Spaces Act** ay nilikha upang punan ang mga kakulangan ng Anti-Sexual Harassment Act kung saan sa batas na ito kinikilala ang harassment ang mga akto na pangigiit sa pagitan ng ng mga magkaeskwela; trabahador sa kanyang amo; estudyante sa kanyang guro; trainee sa kanyang trainer.

*Tandaan: Maging alisto sa mapagsamantalang tao at magsumbong.*








**Gender and Development Office**
@tanauancitygenderanddevelopment
gad.tanauancity.gov.ph
043 728-9844 loc. 1165

**Tanauan City Police Station**
@TanauanPSPulis
tanauan.city@yahoo.com
0939-322-7848|0977-685-6947

**City Social Welfare and Development Office**
@TanauanCityLocalSocialWelfareandDevelopment
cswd.tanauancity.gov.ph
043 728-9887 loc. 1006


*Source:Video presentation-Bangui Police Station*

CITY GOVERNMENT OF TANAUAN
GENDER AND DEVELOPMENT OFFICE

# Safe Spaces Act



## Republic Act No. 11313 "Bawal Bastos Law"

LUNGSOD NG TANAUAN LALAWIGAN NG BATANGAS

GENDER AND DEVELOPMENT

## Ano ang maituturing na Gender-Based Harassment?

- Catcalling - tumutukoy sa pagtawag sa isang tao nang may halong malisya o pambabastos anuman ang kasarian nito.
- Wolf-whistling
- Unwanted Invitations
- Mga paggamit ng transphobic, homophobic, misogynistic, at sexist na mga salita at komento

  *Transphobic - having or showing a dislike of or prejudice against transsexual or transgender people.*
  *Homophobic - having or showing a dislike of or prejudice against gay people.*
  *Misogynistic - strongly prejudiced against women.*
  *Sexism - discrimination against a person or group based on their sex or gender*
- Hindi nais na puna o komento sa itsura ng isang tao
- Pagsasambit ng mga komento na may sekswal na suhestyon
- Sapilitan na pagkuha ng personal na detalye tulad ng phone number at email address



- Panghihipo
- Paglalabas ng pribadong bahagi ng katawan
- Pagbabanta sa iyong kaligtasan, lalo na kung ito nagaganap sa kalsada, parke at eskinita.






## ONLINE SPACES

*Halimbawa ng akto na maituturing na harassment sa loob ng mga online spaces tulad ng social media, chat rooms, forums at iba pa:*

1. Pagbabanta ng akto ng pisikal, emosyonal, sikolohikal na pananakit sa pamamagitan ng mga Information Communication Technology (ICT)

2. Mga paggamit ng transphobic, homophobic, misogynistic at sexist na mga salita at mga komento online, sinabi man ito sa isang public comments/post o sa pamamagitan ng private messages.

3. Hindi pagrespeto sa privacy ng biktima sa pamamagitan ng cyberstalking at paulit-ulit na pagpapadala ng hindi ninanais na mga mensahe.

## Ano ang Republic Act 11313 o Safe Spaces Act?

Ito ay isang batas na nilikha upang mapalawak ang sakop ng Anti-Sexual Harassment Act of 1995 (RA 7877).

Ito ay pinirmahan ni President Rodrigo Roa Duterte noong ika-17 ng Abril, taong 2019 at naisabatas noong ika-30 ng Agosto taong 2019.

Ang batas na ito ay may layuning protektahan ang lahat ng mamamayan lalung-lalo na ang ating mga kababaihan, kabilang sa LGBTQIA+ laban sa mapang-abusong tao sa pampublikong lugar. At upang kilalanin ang pagkakapantay-pantay ng bawat isa.

Nililinaw ng Safe Spaces Act ang *Gender-Based Harassment* at ang mga uri ng akto na nagaganap sa mga pampublikong lugar at ang mga karampatang parusa ukol dito.




## Mga Karampatang Parusa

**Light violations**

Sa unang paglabag, magmumulta ng isang libong piso (P1,000.00), 12 hours community service at pag-attend sa isang gender sensitivity seminar;

Sa ikalawang paglabag, magmumulta ng tatlong libong piso (P3,000.00) o pagkakakulong ng anim hanggang sampung araw;

At sa ika-tatlong paglabag, pagmumultahin ng sampung libong piso (P10,000.00) at pagkakakulong ng 30 araw.

**Medium violations**

Sa unang paglabag, magmumulta ng sampung libong piso (P10,000.00), 12 hours community service at pag-attend sa isang gender sensitivity seminar;

Sa ikalawang paglabag, magmumulta ng labing-limang libong piso (P15,000.00) o pagkakakulong ng labing-isa hanggang 30 araw;

At sa ika-tatlong paglabag, pagmumultahin ng dalawampung libong piso (P20,000.00) at pagkakakulong ng 1 buwan at 1 araw hanggang anim na buwan.

**Severe violations**

Sa unang paglabag, magmumulta ng tatlumpung libong piso (P30,000.00), o pagkakulong ng labing-isa hanggang 30 araw at pag-attend sa isang gender sensitivity seminar;

Sa ikalawang paglabag, magmumulta ng limampung libong piso (P50,000.00) at pagkakakulong ng isang buwan at 1 araw hanggang anim na buwan;

At sa ika-tatlong paglabag, pagmumultahin ng isan-daang libong piso (P100,000.00) o pagkakakulong.